# Isang pagpapakilala sa pagboboluntaryo (volunteering) para sa mga pamayanang Iba't-iba ang Kultura at Wika o Culturally and Linguistically Diverse (CaLD)



www.swan.wa.gov.au

/cityofswan /cityofswanwa

city of swan




# ANO ANG PAGBOBOLUNTARYO?

**Ang pagboboluntaryo ay ang oras na kusang ibinibigay para sa kabutihan ng lahat at walang pakinabang sa pananalapi.**

Saklaw nito ang isang malawak na hanay ng mga aktibidad at maaaring gawin nang pormal sa isang organisasyon o di-pormal sa pamamagitan ng pamilya, kapitbahay at sa lokal na pamayanan.

Ito ay trabaho na WALANG bayad.

# BAKIT NAGBOBOLUNTARYO?

**Ang pagboboluntaryo ay nagbibigay ng mahalagang karanasan sa trabaho, mga kasanayan, kaalaman at pagkaunawa kung paano magtrabaho sa isang organisasyon o kompanya sa Australia.**

Ang pagboboluntaryo ay nagkokonekta sa iyo sa mas malawak na pamayanan at maaaring mapabuti ang iyong landas sa trabaho.

Ang mga oportunidad sa pagboboluntaryo ay maaaring makatulong sa iyo na makagawa ng tunay na kontribusyon sa lipunan ng Australia.

Ang pagboboluntaryo ay mabuti sa iyong kalusugang pangkaisipan at nagbibigay ng mga oportunidad na magkaroon ng mga bagong kaibigan, at magkaroon ng nakasisiya at makabuluhang mga karanasan.





# ANG PAGBOBOLUNTARYO AY ISANG MAHALAGANG ASPETO SA KULTURA NG AUSTRALIA

Apat sa limang tao sa Kanluranin ng Australia (Western Australia) ay volunteer.

Nag-aambag ito ng $39 bilyong dolyar sa ekonomiya ng WA.

Ang volunteer ay ang sinumang gustong tumulong sa kanilang pamayanan na kusang-loob ang batayan.



# PAANO KO MALALAMAN NA AKO AY MAGBOBOLUNTARYO?

## Nagboboluntaryo ka kapag:

- Pinili mong ibigay ang oras at mga kasanayan – hindi ka pinipilit.
- Tumutulong sa pamayanan – sa iyong mga kapit-bahay, sa iyong organisasyong nakabatay sa pananampalataya o mas pormal sa pamamagitan ng isang organisasyon, pangkat ng pamayanan, palakasan (sports club) o paaralan.
- Magtatrabaho sa isang organisasyong hindi kumikita.

**Alam mo ba? Inirerekomenda sa mga volunteer sa pangkalahatan na huwag gampanan ang tungkuling boluntaryo nang higit sa 15 oras kada linggo.**

Tandaan: maraming mga oportunidad sa pagboboluntaryo na tatanggap ng bayad mula sa Centrelink. Kung naghahanap ka ng pagboboluntaryo sa ilalim ng programang kapwa may obligasyon ng Centrelink, dapat mong tiyakin na ang organisasyon kung saan ka nagboboluntaryo ay aprubado ng Centrelink.





# MGA URI NG PAGBOBOLUNTARYO – ALIN ANG NABABAGAY SA IYO?

- Palagian – kada linggo
- Minsan sa isang buwan
- Sa mga espesyal na kaganapan
- Sa tahanan

Ang iyong pagboboluntaryo ay dapat angkop sa iyong paraan ng pamumuhay, sa iyong pamilya at sa mga iba mo pang gawain.





# MGA LARANGAN KUNG SAAN MAAARI KANG MAGBOLUNTARYO AT ANG URI NG MGA TUNGKULIN

**Narito ang ilang mga halimbawa ng uri ng tungkuling boluntaryo na available. Maaaring ipakita sa iyo ng inyong lokal na Volunteer Resource Center ang mga ito at marami pa.**



Pagiging tutor at mentor – pagtulong sa mga tao na matutunan ang paggamit ng mga computer, cellphone at tablet o pagtulong sa paaralan o sa isang club sa takdang-aralin. Maraming bata at matatanda ang maaaring makinabang sa iyong oras, karanasan at maging sa iyong wika. Ang pagiging isang huwaran sa musmos na bata o nakababata ay maaaring makapagbigay ng napakahalagang kasanayan sa buhay at mapabuti ang kalalabasan ng kanilang edukasyon.



Pagtulong sa tanggapan ng isang organisasyon sa pamayanan – pagsagot ng telepono, pag-iingat sa libro o papeles, paghahanda ng mga tiyak na dokumento o pagtulong sa mga kawani sa kanilang mga gawain sa pangangasiwa. Mayroon ding mga oportunidad para sa mga interesado sa pangangalap ng pondo at marketing, at maging ang mga posisyon sa mga lupon ng pamunuan. Ang ilang mga tungkulin sa pangangasiwa ay maaari ring gawin sa tahanan, tulad ng social media, disenyo ng web at pagsusulat ng mga newsletter.





Pagtulong sa mga hayop – pagtulong sa pagpapakain, paglilinis ng mga kulungan o pagbibigay ng pangkalahatang pangangalaga sa mga nasaktan at mga hayop na walang tahanan. Maaaring saklaw nito ang pagkuha sa mga hayop na may pinsala para dalhin ang mga iyon sa kanlungan ng hayop.

Pagtulong sa kapaligiran – pagtatanim ng mga puno at pagpupulot ng basura sa mga parke at daluyan ng tubig. Maaari kang maging miyembro ng iyong lokal na katutubong grupo ng bushland o magsagawa ng mga klase sa edukasyon para sa mga kabataan.

Pagtulong sa mga mahihinang miyembro ng pamayanan kabilang ang mga taong nakatatanda, mga refugee o mga taong may kapansanan o karamdaman sa pag-iisip. Maaaring saklaw nito ang pagtulong sa pamimili o pagkuha ng gamot, gayundin ang koneksyon sa lipunan hal. isama sa pamamasyal ang taong iyon sa isang araw o pagbisita sa kanilang tahanan o pasilidad ng pangangalaga. Maaari kang bumuo ng mga pang-social na kaganapan o simpleng pangungumusta gamit ang telepono sa isang taong nakahiwalay o nangangailangan ng kaibigan.

Pagboboluntaryo na may kaugnay sa isport – pagbabantay sa oras, pagiging coach, pangangasiwa, pagsuporta sa mga kaganapan at pagdalo sa mga espesyal na araw ng pagkilala. Baka gusto mo ring makisangkot sa sa komite ng palakasan.

Pagmamaneho – paghahatid sa mga tao sa mga appointment, paglabas para sa pakikipag-kapwa o mga aktibidad sa club, o paghahatid ng mga parsela ng pagkain na pang-emergency. Maaari mong gamitin ang iyong sariling sasakyan o ang pag-aari ng organisasyon.



# ANO ANG AKING MAASAHAN KAPAG AKO AY NAGBOLUNTARYO?

Mayroong mga proseso at patakaran na kailangang sundin bago ka matanggap bilang isang boluntaryo.

Pinoprotektahan ka ng mga ito bilang isang volunteer, ang samahan at ang mga kliyente na maaari mong makatrabaho.

# ANG PROSESO NG INTAKE

Kailangan mong:

- kumpletuhin ang mga application form,
- magbigay ng pagkakakilanlan,
- dumaan sa isang pormal o di-pormal na panayam,
- magbigay ng mga sanggunian (maaaring angkop ang mga personal na sanggunian, ngunit madalas na kinakailangan ang mas pormal o propesyonal na sanggunian).

Karaniwan ang paghihintay ng mga ilang linggo bago matanggap.

**Alam mo ba?** Karamihan sa mga samahan ay nag-a-apply ng Sertipiko sa Pambansang Pulisya (pagsisiyasat ng pulisya) para sa iyo. Kailangan mong lagdaan ang form ng pahintulot upang payagan silang gawin ito. Ang babalik na dokumento ay pag-aari mo, ngunit maaaring humingi ng pahintulot ang organisasyon na magkaroon ng kopya ng form na ito sa kanilang file. Sasagutin ng karamihan sa mga organisasyon ang gastusin sa clearance na ito. Itanong sa organisasyon sa panahon ng iyong panayam.

Maaaring kailangan mo ring mag-apply sa Working with Children Check kung magtatrabaho ka kasama ang mga batang wala pang 18 taong gulang – kakailanganin mong kumuha ng form sa tanggapan ng koreo o post office. Dapat mong hilingin sa organisasyon na lagdaan ang form na ito upang masabi na ikaw ay magboboluntaryo sa kanila. Wala kang babayaran. Ang higit pang impormasyon ay matatagpuan sa website ng Working with Children, **www.workingwithteen.wa.gov.au**





# CASE STUDY
## O PAG-AARAL SA KASO - ARI

### Paghahanda ng resume

“Nagboluntaryo ako sa posisyon na IT tutor sa center ng pamayanan. Nagulat talaga ako dahil gusto nilang magpadala ako ng resume, na parang magtatrabaho ako!

Mayroon akong resume galing sa aking bansa ngunit luma na iyon. Kaya't nag-online ako at tiningnan ang ilan sa mga halimbawa ng resume. Ginamit kong kopyahan ang isa para gawin ang sa akin.”

Kung kailangan mo ng tulong sa paggawa ng iyong resume, maaaring makatulong ang mga website na ito:

**www.seek.com.au/career-advice/category/resumes**

**www.mmrcwa.org.au**

# KAPAG SINIMULAN MO ANG PAGBOBOLUNTARYO, MAAARI MONG ASAHAN ANG:

- Paglalarawan sa Posisyon – nililinaw nito kung ano ang inaasahan ng organisasyon mula sa iyo at nagbibigay ng mga patnubay nang sa gayon matugunan mo ang kanilang mga inaasahan at ang iyong mga sariling layunin.
- Isang opisyal na pagtatalaga sa tungkulin.
- Ang lahat ng mga kasangkapan at mapagkukunan na kakailanganin mo para gawin ang trabaho na inaasahang gagawin mo.
- Access sa mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon. Maaaring mayroon ding manwal ng volunteer na nakatalaga.
- Regular na komunikasyon sa iyong mga kasamahan at manedyer.
- Maaaring ilaan ang tuloy-tuloy na pagsasanay depende sa iyong tungkulin.

# CASE STUDY
# O PAG-AARAL SA KASO – MOHAMMED

### Mga panganib sa lugar ng trabaho

"Nagtatrabaho ako nang boluntaryo sa isang bodega ng kawanggawa. Napansin ko ang dalawang malalaking kahon na gawa sa kahoy na nakaharang sa pinto ng fire exit. Masyadong malaki ang mga iyon at hindi ko kayang buhatin. Hindi ako sigurado kung dapat kong sabihin sa aking superbisor ngunit naisip ko, 'paano kung may sunog? Hindi makakalabas ang mga tao.'

Sinabi ko sa superbisor at tuwang-tuwa siya sa ginawa ko. Sinabi niya na mabuti na napansin ko at mas mainam pa na may sinabi ako tungkol dito. Isinaayos niya sa drayber ng trak na forklift para alisin sa daan ang mga kahon."

# BILANG ISANG VOLUNTEER MAYROON KANG MGA PANSARILING KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD

**Dapat mong:**

- Tiyakin na masaya ka sa tungkulin at sa mga inaasahan ng organisasyon sa gawain na iyon. Ang iyong panayam ay isang magandang pagkakataon upang kumpirmahing ito ang tamang tungkulin para sa iyo.
- Sa sandaling nakatalaga sa tungkulin, dumalo sa mga napagkasunduang oras at makilahok sa anumang pagsasanay na kinakailangan upang maisakatuparan ang iyong tungkulin.
- Magbigay ng sapat na abiso kung hindi mo magagampanan ang napagkasunduang oras – mga volunteer ay walang limitasyon sa taunang bakasyon (subalit pakisuyong ibigay sa ang mga organisasyon ang ilang ideya sa iyong mga inaasahang personal na mga gawain sa panayam).
- Abisuhan ang organisasyon sa anumang mga karaingang mayroon ka sa pamamagitan ng kanilang opisyal na mga pamamaraan sa hinaing.
- Tratuhin ang mga kasamahan at kliyente (kung katrabaho ang mga kliyente) nang may paggalang at dignidad at sumunod sa mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon.
- Abisuhan kaagad ang organisasyon sa anumang hindi ligtas na kasanayan sa trabaho o mga peligro na iyong nasagupa.



# CASE STUDY O PAG-AARAL SA KASO – JILL

### Huwag mabahala sa feedback

"Volunteer ako sa isang op shop. Noong magsimula ako sa pagboboluntaryo, ang aking unang gawain ay paghiwa-hiwalayin ang mga damit na donasyon. Sinimulan kong paghiwa-hiwalayin ayon sa kulay.

Dumating ang aking superbisor at sinabi niya na, 'dapat mong paghiwa-hiwalayin ang mga iyan ayon sa sukat.'

Napahiya talaga ako pero sinabi ko na, 'salamat at pinaalam mo sa akin. Hindi na ako muling magkakamali.'

Natutunan ko na hindi mahalaga kung magkamali ako. Lahat ng tao ay nagkakamali. Ang mahalaga ay kung paano ako tumugon sa feedback."

# ANG MGA ORGANISASYON AY DAPAT:

- Magbigay ng isang ligtas na lugar ng trabaho.
- Magbigay ng isang Paglalarawan sa Posisyon ng tungkulin.
- Ilahok ang lahat ng mga volunteer alinsunod sa pantay na oportunidad at batas laban sa diskriminasyon.
- Ilaan ang lahat ng pagtatalaga sa tungkulin, oryentasyon at tuloy-tuloy na pagsasanay at suporta na kailangan ng volunteer upang magampanan tungkulin na inaasahan sa kanila.
- Magbigay ng access sa mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon, kabilang ang manwal ng volunteer – maaaring bawasan ang mga dokumentong ito kung magboboluntaryo para sa isang maliit na pangkat ng pamayanan na pinamunuan ng volunteer, ngunit maaaring ekstensibo kung ikaw ay magboboluntaryo sa isang malaking kawanggawa.
- Tiyakin na mayroong inklusibong kultura at maayos na komunikasyon sa mga volunteer at sa pagitan ng mga boluntaryo at ng kanilang mga superbisor.
- Magbigay ng sapat na insurance sa volunteer.
- Isauli ang anumang aprubadong ginastos mula sa sariling bulsa.



# MABUTI PARA SA LIPUNAN – MABUTI PARA SA VOLUNTEER

### Bakit nagboboluntaryo?

Tumutulong ito na maramdamang konektado ka sa mas malawak na pamayanan.,

- nagbibigay sa iyo ng layunin,
- tumutulong sa iyo na magkaroon ng mga bagong kaibigan,
- nagbibigay ng nakatutuwa at kapaki-pakinabang na karanasan,
- nakatutulong sa mabuting kalusugang pangkaisipan at pisikal,
- nagbibigay ng mga oportunidad na matuto ng mga bagong kasanayan,
- nagbibigay-daan na magamit ang iyong mga kasanayan sa kasalukuyan, at
- nagbibigay ng karanasan sa trabaho na makakatulong sa iyo na magkaroon ng trabahong may sweldo.

# ANO ANG MASASABI NG MGA VOLUNTEER TUNGKOL SA PAGBOBOLUNTARYO?

**"Pagboboluntaryo...pinananatili ako nito sa pakikipag-ugnayan sa aking pamayanan at kung ano ang buhay ng ibang tao."**
Malcolm, edad 63

**"Iyon lang ang gagawin mo at nakatutuwa at makikilala mo ang gayong kaibig-ibig na mga tao."**
Ceandra, edad 29

**"Nakapagpapasigla, mapanghamon at minsan nakakapagod. Ngunit palaging nagbibigay-kasiyahan."**
Ian, edad 69

**"Ito ay isang ganap na pribilehiyo."**
Phoebe, edad 48





# PAGSISIMULA

## Mga bagay na isasaalang-alang:

- Kailan ako available?
- Paano ako makakarating doon?
- Anong ang aking mga kasanayan at karanasan?
- Ano ang gusto kong gawin at ano ang ayaw kong gawin?
- Ano ang gusto kong makamit sa pamamagitan ng aking pagboboluntaryo?
- Ang layunin at ang mga gawain ba ng organisasyon ay tumutugma sa aking mga pinahahalagahan at paniniwala?

# CASE STUDY

## O PAG-AARAL SA KASO – INDRAH

### Pagtuklas kung ano ang gusto mong gawin

“Nagtrabaho ako bilang isang accountant kaya mahusay ako sa mga numero at alam ko ang pasikot-sikot sa opisina. Gusto ko ring tumulong sa mga tao. Gustung-gusto kong may makilala na mga bagong tao at makinig sa kanilang mga kwento.

Sa tingin ko mas gusto kong magtrabaho sa loob. Ayokong nadudumihan kaya hindi ako masyadong magaling sa paghahardin o pagtatayo ng mga bagay. Tinulungan ko ang aking lola at ang aking mga magulang noong sila ay nagkasakit kaya nauunawaan ko kung paano tumulong sa mga taong nakatatanda.

Sa palagay ko ay matiyaga ako ngunit sa tingin ko hindi ako makapagpagtrabaho kasama ng maraming bata. May isa akong anak na babae. Siya ay kaibig-ibig ngunit sapat na siya para sa akin!

Kailangan kong sumakay sa bus upang pumunta sa aking pagboboluntaryo.”

Nagboluntaryo si Indrah sa tanggapan sa unahan ng isang Center ng Ligal sa Komunidad o Community Legal Centre. Nasisiyahan siyang makilala ang lahat ng iba’t ibang mga tao na pumupunta sa tanggapan para sa mga appointment at tumutulong sa mga talaan sa pananalapi ng pamunuan at pangangasiwa.



# PAGPAPATULOY

1. Gumawa ng resume at maghanap ng angkop na mga referee
2. Makipag-ugnayan sa Volunteer Resource Centre o sa Volunteering WA
3. Maghanap ng mga oportunidad sa pahayagan, online sa **www.volunteer.com.au, www.seek.com** o sa **www.volunteeringwa.org.au** o i-download ang GoVolunteer App.
4. Mag-apply
5. Panayam
6. Tanggapin o tanggihan ang tungkulin
7. Petsa ng pagsisimula
8. Pagtatalaga sa tungkulin at pagsasanay
9. Kilalanin ang mga kasamahan at magkaroon ng mga bagong kaibigan
10. Masiyahan sa iyong pagboboluntaryo

Ang pagboboluntaryo ay dapat kapwa isang kapaki-pakinabang na karanasan. Kapag nalaman mo na ang tungkulin ay hindi gaya ng iyong inaasahan, malaya kang makaaalis. Ang marespetong paraan upang gawin ito ay ang pagbibigay ng sapat na abiso nang sa gayon makahanap ng kapalit ang organisasyon.

Maaari mong subukan ang iba't ibang mga tungkulin.

## PAGBOBOLUNTARYO NA MAY VISA

Kung ikaw ay nasa Australia na may Visa, kailangan mong alamin kung ikaw ay ligal na maging volunteer. Kung mayroon kang karapatang magtrabaho, may karapatan kang magboluntaryo. Para alamin ang iyong katayuan, tumawag sa Department of Home Affairs sa **131 881** o bisitahin ang **www.immi.homeaffairs.gov.au/visas/already-have-a-visa/check-visa-details-and-conditions.**








# MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

**Tinutulungan namin ang daan-daang mga tao kada taon na makahanap ng mahalagang karanasan sa pagboboluntaryo.**

Mayroon kaming mga tanggapan sa Midland, Ellenbrook, Ballajura, Beechboro at Bullsbrook.

Tumawag sa **9278 9690** o mag-email sa **swan.volunteers@swan.wa.gov.au** upang isagawa ang appointment.

Bisitahin ang **www.swan.wa.gov.au/volunteer** at maghanap ng mga available na posisyon at iba pang impormasyon tungkol sa pagboboluntaryo.

Isagawa ang appointment at makipagkita sa isa sa aming mga magigiliw na miyembro ng kawani ngayon.

**The Old Midland Courthouse, 49 Helena Street, Midland**

---

Itinatag ayon sa mga kahalagahan ng pagkakaisa at pagtitiwala sa isa't isa, tinatawid ng pagboboluntaryo ang lahat ng mga hangganan sa kultura, wika at heograpiya. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang oras at kasanayan nang walang inaasahang materyal na gantimpala, pinasisigla ng mga volunteer ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng natatanging layunin. Secretary General, United Nations, Ban Ki-moon (Disyembre 5, 2012).

www.swan.wa.gov.au



city of swan

City of Swan
2 Midland Square Midland
PO Box 196 Midland WA 6936
9267 9267

This document can be made available in alternative formats on request.

0002FIN-2020